Impormasyon ukol sa Makabagong pagsasauri ng Lebel ng COVID-19 bilang pagharap sa Omicron Variant

Batayan ng Makabagong Pagsasauri

Binago ng Gobyerno ang pagsasauri ng lebel ng COVID-19 bilang pagharap sa Omicron Variant o iba pang variant katulad nito na napakalakas makahawa at napakabilis lumawak sa kalagitnaan ng taon na nagdudulot ng presyur sa medikasyon. Ang makabagong pagsasuri ay isasagawa habang patuloy na nakapokus sa kasalukuyang lebel ng presyur sa medikasyon at bagong sitwasyon ng impeksyon at tagapaghiwatig.

Batayan ng Makabagong Pagsasasuri sa Hokkaido

- Ang mga Pagsasauri, tagapaghiwatig at sitwasyon ng bawat lebel ay batay sa pamantayan ng bansa.
- Ang pang alertong lebel ng COVID-19 ay pinagpasyahan ayon sa uri ng okupadong kama ng ospital para sa lebel 1 at 2, at klase ng pag-okupa+ at dami ng okupadong kama nang mga pasyenteng may matinding sintomas ng lebel 3 at 4, kasama ng kasalukuyang kalagayan upang gumawa ng malawak na desisyon.

Rehiyon-partikular na lebel

- Ang naunang lebel na sistema, habang isine-set-up ang lebel ng alerto para sa buong Hokkaido, pati na rin ang hiwalay na lebel para sa Sapporo, pag-unawa ng importansya ng hakbang pagsugpo ng impeksyon sa lugar na iyon.
- Ang sistemang ito ay mananatiling pareho.

Mga hiwatig at kalagayan sa bagong Sistema ng lebel

Kategorya		Paghugpa sa mga impeksyon	Umpisa ng pagkalat ng impeksyon	Pagtaas ng presyur sa mga Medikal na institusyon	Mga Medikal na institusyon na walang sapat na kakayahang gumana
		Lebel 1	Lebel 2	Lebel 3	Lebel 4
Dami ng okupadong kama sa ospital	Indicator	0～30% (Kamang okupado)	30～50% (Kamang okupado)	50～80% (Kamang okupado at % ng mga kamang okupado ng mga pasyenteng may matinding sintomas)	80%～ (Kamang okupado at % ng mga kamang okupado ng mga pasyenteng may malubhang sintomas)
Lebel ng Presyur ng mga institusyonmedikal	Sitwasyon	・Mababang presyur sa pag-aalaga para sa outpatient at inpatient.	・Ang kailangang pag-aalaga sa mga outpatient na pasyenteng may lagnat ay tumaas ang pinsala sa mga institusyong Medikal, at may kaugnayan sa COVID-19 na paggamit ng ambulansya ay patuloy sa pagtaas ・Paggamit ng kama sa ospital, at ang bilang ng mga medical na tauhan na naimpeksyon ng COVID-19 ay parehong tumataas	・Ang demanda ng pag-aalaga sa outpatient ay napakalaki, at kahit na ang mga pasyenteng may mataas na panganib ng malubhang sintomas ay hindi kayang malunasan ng sapat. ・Ang biglaang pagdami nang mga pangyayari kung saan ang mga ambulansya ay hindi kaagad makatugon sa mga pasyete ng COVID-19. ・Patuloy ang pagtaas ng mga pasyenteng nao-ospital, at ang bilang ng mga tauhang medikal na naimpeksyon ng COVID-19 ay umabot na sa pinakamataas na lebel kung saan ang pagtaas ng presyur na manatiling naka ospital ang mga tagapag-alaga.	・Ang pag-aalaga sa Outpatient ay naging mapuspos at dumating na sa puntos na hindi na kayang pamahalaan, at kahit na ang pag-aalagang regular ay naging mahirap. ・Mga pangyayaring kung saan ang ambulansya ay hinihiling subalit hindi makatugon ay nag-umpisa nang mangyari. Ang pag-aalaga ng Outpatient ay lubusan ng hindi mapamahalaan at itinigil na ang hindi sapat na paggawa. ・Ang bilang ng mga Inpatient na pasyenteng may Katamtaman-Malubha na mga sintomas ay labis na tumaas ・Ipares ang nakasaad sa itaas na may kasamang dami ng bilang ng mga medikal na nagtatrabaho na naimpeksyon ng COVID-19 ay nangangahulugan na ang mga nakaospital o inpatient care ay humaharap sa napakataas na lebel nang mahigpit na pangangailangan. ・Ang madaming bilang ng mga pasyente ay hindi matatanggap sa ospital at pumapanaw habang nasa tahanan,/at mga pasilidad ng kuwarentena ・Ang regular na pangangalagang medikal ay kailangang kontrolado at may paghihigpit
Lebel ng Socio-economic na aktibidad	Sitwasyon	–	・Ang bilang ng mga nagtatrabaho na hindi makapasok dahil sa COVID-19 ay tumataas, at mga ilang negosyo ay humaharap sa hirap ng pagpapatuloy ng pagpapatakbo.	・Ang bilang ng mga nagtatrabaho na hindi makapasok dahil sa COVID-19 ay tumaas sa puntos na mahirap nang magpatuloy na mapatakbo ang operasyon ng maraming mga negosyo.	・Ang bilang ng mga nagtatrabaho na hindi makapasok dahil sa COVID-19 ay Malaki sa puntos na ito ay nagpiprisinta ng problema sa pagmentena ng panglipunang imprastraktura.
Bilang ng impeksyon	Sitwasyon	・Mababang bilang ng mga impeksyon, o mababa pero patuloy ang pagtaas	・ Biglaang pagtaas ng mga impeksyon	・Ang bilang ng impeksyon ay tumaas sa puntos na ito ay nagsasanhi ng hirap sa mga institusyong medikal	・Ang bilang ng mga impeksyon ay sobra-sobrang tumataas lampas sa hinulaang bilang ngayong taglamig.

(Itinala ng Hokkaido batay sa mga materyales ng nasyonal subcommittee at mga nasyonal na paunawa)

*Kung ang bigat nang Sistema ng pangkalusugan ay tataas dahil sa paglawak ng impeksyon, ang mga hakbangin ay pagtitibayin batay sa mga hatol ukol sa kasalukuyang sitwasyon nang rehiyon. (dinisisyunan ng Government Headquarters noong Nobiyembre 18, 2022).

[Nasyonal na Balangkas]

“Lebel 3: Tumaas na Panahon ng Imposisyong Medikal”: Gumawa ng “deklarasyon upang pagtibayin ang mga hakbangin upang masugpo ang pagtaas ng hirap sa mga institusyong Medikal” batay sa kasalukuyang sitwasyon nang rehiyon.

Magpahayag ng “medical emergency declaration” ayon sa kasalukuyang sitwasyon nang rehiyon upang maiwasan ang “lebel 4 ang mga institusyong Medikal ay hindi makagana ng sapat” sa mga kasong kung saan ang bilis nang paglawak ng impeksyon ay napakabilis.